TOMO 9 BILANG 7 | ISSN NO. 2599-5405 | HULYO 2022

# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI

## CARD MRI, IPINAGDIWANG ANG KULTURANG PILIPINO

*ni Harlene Reyes*




*Kinilala ang mga kliyente ng Pagnamitan Center mula sa CARD Bank bilang Grand Winner ng Indak ng Panahon: Folk Dance Contest.*

Isinagawa ng CARD MRI ang pagpaparangal sa mga nagsipagwagi sa Indak ng Panahon: Folk Dance Contest noong Hulyo 6, 2022 kung saan ang pagtatanghal ng kuratsa ng Pagnamitan Center ng CARD Bank mula sa Guiuan, Eastern Samar ang itinanghal na *Grand Winner*.

Samantala, ang iba pang kinilalang *institutional winners* ay ang mga sumusunod na center: Kalawag 1- Pabloco mula sa Isulan 1 Unit ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO), Mananga mula sa Talisay 2 Unit ng CARD SME Bank, at Inao Awan 1 mula sa Cavinti Unit ng CARD MRI Rizal Bank.

Dinaluhan ang pagbibigay ng parangal ng CARD MRI Senior Advisers, Executive and Management Committee members, gayundin ang mga kawani at kliyente ng CARD MRI mula sa iba't ibang panig ng bansa. Sa pambungad na pananalita ni CARD MRI Senior Adviser Dr. Dolores M. Torres, ibinahagi niya ang lubos niyang pagkagalak sa pakikibahagi ng

2




## KOA KAFE, LUMIPAD SA "CITY OF FESTIVALS"

*ni Victor Angelo Aranza*

Bilang parte ng misyon nitong magpalaganap ng impormasyon, bumisita ang Koa Kafe ng CARD MRI Publishing House sa Tagum City,

2

## CARD MRI, NAGSAGAWA NG MEDIA LAKBAY-ARAL SA TAGUM CITY

*ni Lynfa Tan*

Nag-organisa ang CARD MRI ng Media Lakbay-Aral sa Tagum City, Davao del Norte noong Hunyo 16-17, 2022. Sa programang ito, nakita ng mga dumalo

2

### KWENTONG TAGUMPAY

**Recipe ng Tagumpay**

3

Basahin ang isyung ito upang manalo ng **₱50.00** load via konek2CARD!

**Anong probinsya sa Pilipinas ang tinaguriang "City of Festival"?**

Ikomento ang inyong kasagutan sa aming KOAderno post sa aming official facebook page @PublishingHouseInc.



# CARD MRI, IPINAGDIWANG ANG ...

1

mga kliyente ng CARD sa kompetisyong ito. "Natutuwa ako na patuloy kayong nagpapakahusay at nagpapakita ng inyong kakayahan dahil napakinggan namin ang inyong kwento hindi lamang gamit ang aming mga tainga, kundi pati na rin ng aming mga puso."

Ang pagsasagawa ng kompetisyon sa katutubong pagsayaw ay bahagi ng programa ng CARD MRI na "Ugnayan at Kwentuhan", na nagsimula noong pandemya. Sa kabila ng mga pisikal na restriksyon upang maiwasan ang pagkalat ng *virus*, umasa ang CARD MRI na magpapatuloy ang mahusay na koneksyon nito sa mga pamilyang pinagsisilbihan nito sa pamamagitang ng iba't ibang *online activities*. Ayon pa nga kay CARD MRI Managing Director Aristeo A. Dequito, "Ang koneksyon ng CARD MRI sa mga kliyente nito ang isa sa mga makapangyarihang yaman nito. Ano man ang pagsubok na pagdaanan, uusad tayo nang sama-sama."

Mula sa mga kliyente at kawaning nagpakilala ng kulturang Pilipino gamit ang katutubong pagsayaw, inilunsad din ng CARD MRI ang opisyal na sayaw nito noong Hulyo 8, 2022. Sa patuloy na pagkilala sa kahalagahan ng pagpapayabong ng ating tradisyon, ibinahagi ni CARD MRI Founder and Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip na ang mga ritwal o seremonya ay mahalaga sa pagpapanatili ng tradisyon. "Sa CARD MRI, nais nating mapanatili ang ating kaugalian hindi lamang sa ating operasyon, kundi maging sa ating pagiging malikhain tulad ng awit, sayaw, at tula. Ito ang ating magiging instrumento sa pagpapakita kung sino tayo at kung ano ang ginagawa natin upang masugpo ang kahirapan sa bansa."

Sa karagdagan, inilunsad din ng CARD MRI ang SineMaya, isang *community film fest,* na bukas para sa mga kliyente ng CARD MRI sa buong bansa. Ang detalye ng nasabing kompetisyon ay makikita sa Facebook page na Online Ugnayan at Kwentuhan.

# KOA KAFE, LUMIPAD SA ...

1




*Nakilahok at nakinig ang mga batang bisita ng Koa Kafe sa iba't ibang aktibidad na inihanda ng CARD MRI Publishing House. Bilang mga anak ng miyembro ng CARD MRI, nakapag-uwi sila ng Koa kit na naglalaman ng isang storybook at school supplies.*

Davao del Norte noong Hunyo 17, 2022.

Ginanap sa CARD-MRI Development Institute - Tagum Campus ang *one-day activity* na dala ng Koa Kafe. Ilan sa mga ito ang *storytelling* para sa mga bata, mga kapanapanabik na mga palaro para sa mga nanay, at pagtatampok sa iba pang mga produkto ng CARD MRI.

Nakatanggap din ang mga bisita ng libreng kape habang binabasa ang iba't ibang libro at lathalain ng CARD Publishing. Namigay din ng kopya ng Sulong, ang pahayagan ng CARD MRI, na nagtatampok ng mga balita ukol sa CARD at ang mga kwentong nagbibigay inspirasyon sa mga kliyente nito. Layunin din nitong magsiklab nang makabuluhang usapan kasama ang mga bisita. Tampok din dito ang Yuhom Box ng Hijos Tours na naglalaman ng mga kilalang larong Pinoy.

Bukod sa kape at Indomie ng Mga Likha ni Inay, ang *marketing institution* ng CARD MRI, nagkaroon din ng pagkakataon ang mga kliyente na mailahok ang kanilang mga anak sa pakikinig ng mga kwento ng "Ang Lapis ni Anya" na nagsasalaysay ng karanasan ni Anya kung papaano ang tamang paggamit ng *gadget*.

Para sa karagdagang impormasyon sa Koa Kafe at CARD MRI Publishing House, maaaring bisitahin ang kanilang opisyal na Facebook Page @PublishingHouseInc.

SULONG
EDITORIAL BOARD

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Aristeo A. Dequito Marilyn M. Manila
Editorial Advisers

Dr. Edmund G. Centeno
Editor-in-Chief

Cyrene Grace DC. Lubigan
Managing Editor

Jeffrey C. Tandingan
Associate Editor

Albert A. Dayag
Ervin M. Calabia
Layout Artists

Harlene F. Reyes
Victor Angelo U. Aranza
Lynfa A. Tan
Writers

## CARD MRI, NAGSASAGAWA NG ...

1



*Dinaluhan ng iba't ibang miyembro ng media sa Mindanao ang inorganisang lakbay-aral ng CARD MRI sa Tagum City, Davao del Norte na nagpakilala sa iba't ibang social development initiatives ng organisasyon.*

ang iba't ibang *community development programs* ng mga institusyon ng CARD MRI, kabilang ang CARD Bank, isang *microfinance-oriented rural bank*; BotiCARD, isang *generic pharmacy*, CARD MBA, isang *microinsurance - mutual benefit association* at CARD-MRI Development Institute Inc., isang *senior high school, college*, at *training institute*.

Dinaluhan ang Media Lakbay-Aral nina: Aurora “Auring” Lozada, isang Consultant at Broadcaster ng DXDN Radyo Ukay Tagum; Ruel Dagsangan, isang News Anchor ng DXDN Radyo Ukay Tagum; Joseph Jubelag, ang Manager ng Mindanao Bulletin; Naomi Sendad, isang News Correspondent ng Asintado Newsliner; Erlinda Alcid, isang News Correspondent ng Manila Star; Margarita Candido, ang Editor ng Mindanet Balita; Elmer “Dudz Romantico” Tandoc, ang Station Manager ng Radyo Natin Tagum; Allan Basong mula sa Mindanao Gold Star Daily News; Dexter Visitacion mula sa Radio Kokak at Superbalita; Mario Saladas, ang Publisher ng Trends and Time Newspaper, Eric Alonzo mula sa DXUM News and Public Affairs, at Markneil Cardona, isang Marketing Manager ng Mindanao Journal.

Nagsimula ang *study tour* sa pagpapakita sa *microfinance operations* ng CARD MRI. Dalawang CARD Bank center ng Tagum ang kanilang binisita habang pinapanood ang lingguhang pagbabayad ng mga kliyente. Namalas din nila ang Credit with Education (CwE) kung saan tinuturuan ang mga miyembro ng CARD MRI tungkol sa iba't ibang aspeto gaya ng *health, enterprise development, financial literacy,* at *disaster preparedness* na makatutulong sa pamumuhay ng mga miyembro. Matapos ang *center meeting*, nakapanayam din ng mga dumalo ang dalawang kliyente ng CARD Bank.

4

KWENTONG TAGUMPAY

## Recipe ng Tagumpay

***ni Harlene Reyes***



*Para kay Teresa Desin ng Legazpi City, Camarines Sur, ang recipe ng tagumpay ay sipag at determinasyon.*

Isa sa pinakakilalang pasalubong sa rehiyon ng Bikol ang *pili nuts*. Mula sa bunga ng puno ng pili na kung tawagin ay *Canarium Ovatum*, ang pili ay kadalasang tumutubo lamang sa Bikol. Dahil dito, ito ang pangunahing produkto na makikita sa lugar. Paborito itong bilhin ng mga bakasyonista bilang pasalubong kung kaya't malaki ang naitutulong ng turismo sa paglago ng industriya ng *pili nuts*.

Ginamit ng 53 taong gulang na si Teresa Desin ang *pili nuts* bilang pangunahing pangkabuhayan. Dito rin siya kumukuha ng mga panggastos nilang pamilya sa araw-araw na pamumuhay.

Hango ang pangalan ng kaniyang negosyo na “Desin Pili Nuts” sa apelyido ng kanyang asawa. Kilala ang “Desin Pili Nuts” sa pagkakaroon nito ng kakaibang lasa at murang presyo kumpara sa mga kakompetensya nito. Maganda ang takbo ng negosyo ngunit sa isang iglap, huminto ang pag-asenso ng “Desin Pili Nuts”.

Dahil sa pandemya at mga bagong regulasyon na ipinatupad ng gobyerno, humina ang turismo sa lugar. Sa pagbagsak ng turismo, naapektuhan ang negosyo ni Teresa. Dito niya naisip na kailangan niya ng tulong upang muling makaahon.

Naging katuwang niya ang CARD Bank, isang *microfinance-oriented rural bank* na nagbibigay ng pampinansyal na tulong at iba pang serbisyo sa mga katulad niyang nangangailangan.

Ginamit ni Teresa ang nahiram niyang kapital sa CARD Bank upang mas pasarapin pa ang resipi ng kanyang produkto at para maiayos ang kaniyang negosyo. Dahil sa kapital na kaniyang nahiram, nakagawa siya ng mas masasarap at masustansyang *pili nut products*. Sa kasalukuyan taon, kumikita na siya ng PHP 275,000.

Bukod sa tulong pinansyal, nakatulong ang CARD Bank sa edukasyon ng mga anak ni Teresa na ngayon ay mga kwalipikadong pulis at guro na. Nakapagpatayo rin siya ng bagong bahay at nakabili ng traysikel para sa kaniyang asawa't anak. Nakapagbukas din siya ng *sari-sari store* na nakapandagdag sa kabuuan nilang kita. Dahil sa *pili nuts*, nabigyan ni Teresa ng pagkakataon ang kaniyang pamilya na magkaroon ng mas maayos na buhay.

Ayon sa kaniya, ang resipi ng kanyang *pili nuts* ay biyaya ng Panginoon na dinagdagan niya ng sipag at determinasyon upang maabot ang tagumpay at maranasan nila ang panalo sa gitna ng problema.



## Paglambo Project: Promoting Financial Inclusion for Muslim Communities

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
CARD MRI Founder and Chairman Emeritus

*Islam is practiced by roughly five percent of Filipinos from a variety of ethnolinguistic groups, over half of whom live in Mindanao.*

*There is a serious need for the government to address the poverty situation in Muslim communities. The three poorest provinces in the country are predominantly Muslim.*

**Financially Excluded**

*According to BSP, about 7 in 10 adult Filipinos are financially excluded and do not have accounts, or access to much-needed financial services.*

*There is a religious and cultural dimension to the issue of Muslim Filipinos' lack of access to financial services which could help raise their productivity and standard of living. Sharīʿah is the Islamic religious law that governs the day-to-day life of Muslims. The shari'ah prohibits interest charging, as this equates with usury. It forbids speculative transactions involving risks, and avoids transactions on sinful things.*

*A truly inclusive financial system necessitates sharia-compliant financial services for Muslims. This is problematic because there is only one Islamic bank in the country. In the meantime, a few microfinance institutions (coops and NGOs in Mindanao) supported by Peace and Equity Foundation; the ASA Philippines Foundation; and CARD, Inc. are filling in the gap, making financial services available to Muslim communities.*

**The Paglambo Project**

*The Paglambo Project is a sharia-inspired microfinancing program that CARD started in 2018. CARD developed the Paglambo Project based on the Dompet Dhuafa's successful Islamic microfinance and banking scheme in Indonesia.*

*Starting with only two units composed of clients from 56 Muslim families in Marawi, Lanao del Sur and Shariff Aguak, Maguindanao, the Paglambo Project expanded quickly. As of June 2022, the Paglambo Project has 54 units in Lanao del Sur, Maguindanao, Zamboanga City, Basilan and Tawi-Tawi. There are now more than 76,000 clients, with a capital build-up of more than 164 million pesos.*

**Sharia-Compliant**

*The success of the project lies in its sharia-compliant financial products and services. For instance, it has an education loan program based on Islam's Murabahah. Apart from designing financial products suited to the needs of the community, all staff are trained to observe cultural sensitivity. Courtesy calls to Muslim elders were made to introduce the program.*

*The Paglambo Project shows that financial inclusion in Muslim areas is possible via Islamic microfinance. The government can assist community-based organizations that deliver sharia-compliant products by putting up needed infrastructure to make hard-to-reach areas accessible. Apart from providing more funds for financial services targeting the poor and vulnerable, it could also set aside Islamic financing to help micro, small and medium enterprises (MSMEs) offering halal products and services. Partnerships between public and private providers should be encouraged, to serve more Muslim communities.*

*To read more, visit https://cardmri.com/?p=4521*

## CARD MRI, ITINANGHAL ANG SAMU'T SARING KWENTO MULA SA "AN SAKUYANG KINANG"

***ni Victor Angelo Aranza***



Ibinahagi ng mga kawani ng CARD MRI ang ilan sa kanilang mga 'di malilimutang karanasan kasama ang organisasyon sa "An sakuyang kinang" polaroid wall. Maaaring magpaskil ng kanilang larawan kasama ang CARD ang mga bisita sa nasabing photo museum.

## CARD MRI, NAGSAGAWA NG ...

3

Nagkaroon din ng pagkakataon ang mga bisitang magkaroon ng *tour* sa CMDI Tagum Campus, masaksihan ang Koa Kafe ng CARD MRI Publishing House, at ang Sugilanon na isang *online monologue performance* ng CARD MRI Hijos Tours.

Nagsagawa rin ang CARD MRI ng *media briefing* na nagbigay sa kanila ng pagkakataong mas lalong makilala ang CARD MRI at ang mga ginagawa nito. Dinaluhan ang *media briefing* nina CARD Bank AVP Jenet Constantino, CARD Bank Regional Director Erwin Lazo, CARD SME Bank Regional Director Ian Madrona, CARD, Inc. Regional Director Norman Bulao, CMDI AVP Christian Albert Sandoval, CARD MBA Provincial Manager Louie Mar Vestil, Mga Likha ni Inay (MLNI) Deputy Director Angela Poonin, CARD Publishing Deputy Director Cyrene Grace Lubigan, at iba pang CARD MRI *officers* at *staff*.

Muling nakatakdang maglungsad ng lakbay-aral ang CARD MRI Publishing House sa iba pang parte ng bansa gaya ng North at South Luzon, at pati na rin sa Visayas ngayong taon.